



BEN ALLEN

PARA KOMISYONER NG SEGURO



Bakit Mahalaga ang Halalang Ito

Sira ang Sistema ng Seguro sa California — Tumatakbo si Ben para Ayusin Ito.



Matapos ang sunog sa Palisades, agad na kumilos si Senador Ben Allen — tumulong sa libu-libong mga residenteng nawalan ng lahat upang muling maitayo ang kanilang mga tahanan at buhay. Pinanagot niya ang mga kumpanya ng seguro na bayaran ang mga may-ari ng bahay ng nararapat sa kanila, pinabilis ang muling pagtatayo, at naglaan ng pondo para sa paglilinis ng mga tuyong halaman at pamamahala ng kagubatan upang mapigilan ang susunod na sunog na maging isang malaking sakuna.

Bilang Senador ng Estado, ginugol ni Ben ang isang dekada sa pag-aakda ng mga batas para sa proteksyon ng mga mamimili na nagpapanagot sa mga kumpanya ng seguro at naghahatid ng mga tunay na resulta. Bilang lider sa pag-iwas sa wildfire, may subok na rekord si Ben sa paghahanda sa California para sa mga sunog na alam nating darating — sa halip na kumilos lamang kapag may pinsala na.

Bilang kandidato para sa Komisyoner ng Seguro, tumanggi si Ben na tumanggap ng kahit isang sentimo pera sa mga kumpanya ng seguro.

Plano ni Ben na Ayusin ang Sirang Sistema

Bagsak ang merkado ng seguro sa California — umaalis ang mga kumpanya ng seguro sa mga komunidad, ang mga may-ari ng bahay ay naiwang nakasandal sa labis na nabibigatang “FAIR Plan”, at patuloy ang pagtaas ng singil. Ang plano ni Ben ay nakabatay sa isang simpleng ideya: pababain ang gastos ng mga taga-California sa pamamagitan ng pagrereporma at pagpapatatag ng merkado upang ang makinabang ay ang mga mamimili — hindi ang kita ng mga kumpanya ng seguro.

1. Pababain ang gastos sa pamamagitan ng pagpapakilos ulit sa mga kumpanya ng seguro sa merkado

Palakas ang kumpetisyon sa pamamagitan ng pagpapatatag ng mga tunay na pamantayan sa katapatan at pananagutan — upang mas maraming kumpanya ang mag-isyu muli ng mga polisiya sa California, na nangangahulugan ng mas maraming opsyon at mas mababang gastos para sa iyo.

2. Panagutin ang mga kumpanya ng seguro kapag tinatanggihan o pinapatagal ang mga kahilingan

Wakasan ang gawi ng mga kumpanya ng seguro na pinatatagal o tinatanggihan ang mga lehitimong claim matapos ang sakuna. Titiyakin ni Ben na makukuha ng mga taga-California ang bayad na nararapat sa kanila sa oras na kailangan nila ito.

3. Protektahan ang mga mamimili, hindi ang tubo

Nakapag-akda na si Ben ng mga batas na nag-aatas sa mga kumpanya ng seguro na magbigay ng paunang bayad sa mga claim sa personal na ari-arian, mag-alok ng mga pautang na may mababang interes para sa mga proyektong nagpapababa ng panganiib, at pangalagaan ang proteksyon ng mga may-ari

ng bahay kapag tinutugunan nila ang mga banta sa kaligtasan. Bilang Komisyoner, patuloy niyang papanagutin ang mga kumpanya ng seguro at maglilingkod para sa mga mamimili.

4. Pigilan ang susunod na sunog bago pa ito magsimula

Inakda ni Ben ang Proposition 4, isang \$10 bilyong bond para sa imprastruktura sa buong estado na nagpapatibay sa kaligtasan ng mga bumbero, nagpapabuti sa kahandaan ng komunidad laban sa wildfire, at sumusuporta sa maagap na pag-iwas sa sunog sa antas-lokal. Patuloy siyang magtutuo sa pag-iwas upang panatilihin ang mga komunidad at manatiling at abot-kaya ang seguro.

5. Ipatupad ang batas at sugpuin ang pandaraya sa seguro

May silbi lamang ang mga batas sa seguro kung ipinatutupad ang mga ito. Hihigpitan ni Ben ang paglaban sa pandaraya at papanagutin ang mga tiwali at abusadong kumpanya.

6. Tanggihan ang pera mula sa industriya ng seguro

Hindi tumatanggap si Ben ng mga pondo sa kampanya mula sa industriya na kanyang reregulahin.

Mga Sumusuporta kay Ben:



U.S. Senador Adam Schiff



U.S. Senador Alex Padilla



San Francisco Chronicle



Suportado ng California Democrats si Ben

Noong Agosto 1, opisyal na inendorso ng California Democratic Party si Ben para sa Komisyoner ng Seguro. Nagkakaisa ang mga Demokratiko sa likod ni Ben para sa Pangkalahatang Halalan matapos manatiling neutral noong Primary. Ito ay isang malaking dagok sa kakayahan ni Jane Kim na makuha ang suporta ng mga botanteng Demokratiko, lalo na sa isang halalan na hindi gaanong nabibigyan ng pansin kung saan ang mga botante sa buong estado ay umaasa sa rekomendasyon ng Partido.



Tingnan ang kumpletong listahan ng mga sumusuporta kay Ben sa BenAllenCA.com

Tungkol kay Ben Allen

Bago sumali sa Senado, naglingkod si Ben bilang Pangulo ng Santa Monica-Malibu Unified School District Board of Education at lektor sa UCLA Law School. Siya at ang kanyang asawa na si Melanie, na isang abogado, ay nakatira sa Santa Monica kasama ang kanilang dalawang maliliit na anak.



Sumali sa Kampanya ni Ben Allen



BEN ALLEN
PARA KOMISYONER NG SEGURO

Matuto pa at makibahagi
@BenAllenCA

Makipag-ugnayan sa kampanya
sa info@benallencalifornia.com para sa
mga donasyon, mga pag-endorso
o karagdagang impormasyon.



Sundan si Ben sa
BenAllenCA.com



Mag-ambag